# Mga Birtuwal na Karahasan

LAURENCE MARVIN S. CASTILLO

Tol, video ng pinupugutan ng ulo," bulong sa akin ng isa kong kaklase. Ngumuso siya sa isang grupo ng mga binatilyo na nagkakagulo sa isang PC na may tatlong units ang layo mula sa inupahan naming computer. Walang aircon ang internet café na kinaroroonan namin. Napakalagkit ng hangin na higit pang pinakapal ng naghahalong amoy ng naipong pawis ng mga nagkukumpulang estudyante at ng nagbabagang hininga ng mga hinihingal na makina ng mga PC unit. Ngunit tila hindi iniinda ng mga binatilyong ito ang nakababanas na halumigmig sa loob ng shop. Nang sinulyapan namin sila, ni hindi sila natitinag sa kanilang pagtitig na tila humuhukay ng isang malalim na portal papasok sa monitor na kanilang pinagkakaguluhan.

Dahil walang anumang partisyon sa pagitan ng mga PC unit, malaya kaming nakapuslit ng mga silip doon sa daigdig na kanina pa nila pinupuno ng nagsasalimbayang ingay ng paghagikgik at pandidiri. Nahagip ng aming mga paningin ang mga gumagalaw na anyong nakapiit sa isang napakalabong video. Narinig naming nagpakawala ang napapaos na speaker na katabi ng monitor ng isang kahila-hilakbot na sigaw na kalaunan ay pinalitan ng nakangigilong tunog ng nanggigigil na pagngatngat ng punyal sa laman.

Naramdaman namin ang paghatak ng bato-balani ng paanyaya.

Ito ang hudyat ng pagpasok namin sa tarangkahan ng mga birtuwal na bangungot. Nang sumunod na araw, natunton naming magkakaklase ang website na www.ogrish.com na kinatatagpuan ng nasilip naming video. Sa pagkakataong ito, armado kami ng mga nakatuhog na isaw, barbeque, at proven. Nakahanda na kaming subukan kung kaya naming sikmuraing panoorin ang marahas na tagpo habang kumakain.

Sa sandaling nakompleto ang pagbubuffer ng video, dinala kami ng aming mga titig papasok sa pixeladong daigdig ng aming monitor, patungo

sa loob ng isang masikip at mapanghing warehouse. Sa harap namin, nakatali sa isang monoblock ang isang mestisuhing balbas-saradong lalaking nakasuot ng kulay dalandang damit pampreso. Sa tantiya namin ay tatlumpung-taon ang kaniyang gulang. Sa likod niya, limang matatangkad na lalaki ang matikas ang pagkakatindig, lahat ay nakaitim, may mga nakasukbit na mahahabang baril at may mga takip sa mukha na tanging mga mata at bibig lamang ang iniiwang nakalitaw.

Bahagyang humakbang paharap ang isa sa kanila at naglabas ng isang pirasong papel. Sinimulan niyang basahin ang nakasulat dito. Bagama't hindi namin maintindihan ang wika ng kaniyang binabasa, nakapa namin ang galit at pang-uuyam sa tinig niya. Matapos iyon, ibinulsa niya ang papel.

Sa tulong ng iba pang lalaki sa likuran, sinunggaban niya ang lalaking nakakulay dalandan. Sa simula, halos hindi nagpupumiglas ang kanilang biktima, hanggang sa naglabas ang isa sa mga lalaki ng isang maliit na punyal. Sinimulan nilang gilitan ang lalaki, dahan-dahan, kagaya ng paghiwa sa leeg ng isang ilulutong manok. Nagpakawala ang biktima ng isang nakakapanindig-balahibong atungal na kalaunan ay pinatahimik ng nakangingilong huni ng patalim.

Makalipas ang ilang pigil-hiningang minuto ng panonood, nakatakas kami mula sa warehouse na iyon pabalik sa nakapanlalagkit na internet café, pabalik sa nagsasalimbayang ingay ng aming pagnguya, paglunok, at pagpipigil na dumuwal.

## Ang Kamatayan bilang isang Pagtatanghal

Snuff films ang tawag sa ganitong mga video na nagpapakita ng aktuwal na pagpatay sa isang tao. Sa kaparehong paraan na ang pornograpiya ay pamboboso sa pribadong espasyo ng pagtatalik, ang snuff films ay paninilip sa mismong tagpo ng marahas na pagkitil ng buhay. Marahil kahit sino naman ay magigimbal sa idea ng pagsasapelikula ng pagpaslang sa isang tao, ngunit maniwala man kayo o hindi, tigib ang ating espasyong kultural ng maraming halimbawa ng mga snuff films—mula sa mga footage ng digmaan kagaya ng black and white na kuha ng pagtudla sa mga sundalong tila ngiping nalalagas mula sa hanay ng mga pagal na katawan sa Martsa ng Kamatayan noong WWII o ng imahen ng mga nagpira-pirasong bahay at katawan ng tao matapos ang air raids sa ilang mga pamayanan sa Vietnam noong 1960s, hanggang sa di-inaasahang pagkahagip ng kamera sa pagpaslang kay JFK. Kung tutuusin, maaari na nga yata nating ilagom ang kasaysayan ng daigdig

sa isang slideshow ng mararahas na imahen ng pagpatay o di kaya naman ay sa isang audio-visual presentation ng mga pixeladong tagpo ng pagpaslang.

Snuff films ang nagpakilala sa akin sa tinaguriang Ikatlong Digmaang Pandaigdig noong nasa ikaanim na baitang ako. Ganito ko naaalala ang ika-11 ng Setyembre 2001:

Kagaya ng nakagawian ko na tuwing recess, sumaglit ako sa kantina upang makipanood sa telebisyong nakaupo sa piling ng mga kaldero ng inilalakong ulam, habang nagmemeryenda ng isang pinggang pansit malabon. Sa kalagitnaan ng aking panonood, biglang naputol ang pagpapalabas ng pang-umagang kartun na sinusubaybayan ko, kasabay ng biglaang pagkapawi ng likot at sigla ng mga nag-aangatang takip ng kaldero, kalansing ng mga barya at kubyertos, at aligagang kilos ng mga serbidora at mga estudyante sa kainan. Lahat ng titig namin ay nahatak ng pag-ere ng sari-saring anggulo ng magkasunod na pagsalpok ng dalawang hinijack na eroplano sa matatayog na Twin Towers. Nilamon ng magkahalong apoy at usok ang napupulbos na kambal, habang kapansin-pansin ang mga tuldok na tumatalsik palabas sa mga palapag, nahuhulog sa karimlang naghihintay sa paanan ng guho. Sa isang mas malinaw na kuha sa mga gumuguhong gusali, nakita kong ang mga tuldok na iyon ay may mga nagpupumiglas na paa at kamay.

Nagluksa ang Amerika at nagimbal ang buong mundo sa televised na karahasang ito, ngunit sa aming mga magkakaklaseng malayo sa espasyo ng pagdadalamhati at ni hindi man lamang napuwing ng alikabok na umalimbukay mula sa pagguho, higit na namayani ang magkahalong pagkagulantang at pagkabighani sa idea na ang karahasan at kamatayan ay maaaring magsilbi bilang isang nakaaaliw na panoorin, isang pagtatanghal na may kakayahang maghatid ng pananabik tulad ng isang maaksiyong pelikula. Sa loob ng ilang linggo o marahil, buwan pa, paulit-ulit na ipinalabas sa iba't ibang estasyon ng telebisyon ang mga kuha ng trahedya ng 9/11, at kung maririnig ninyo ang mga kuwentuhan naming magkakaklase tungkol sa mga palabas na ito, aakalain ninyong isang eksena sa isang Hollywood action blockbuster ang paksa ng aming mga talakayan.

Kagaya nga ng anumang tagpo sa isang pelikula o isang kuwento, nakasilid ang imahen ng karahasang ito sa isang masalimuot na naratibo. Ang mga sumisirkulong kuha ng pagguho ng Twin Towers ay hindi lamang mga imahen ng libo-libong nasayang na buhay; ang mga ito mismo ay snuff film ng simbolikong pagkamatay ng isang makapangyarihang bansa. Kaya't ilang araw matapos ang malagim na trahedya ng 9/11, lumitaw sa telebisyon ang

isang luhaang Pangulong George Bush habang ipinapahayag sa mataginting na tinig ng paghihiganti ang "War on Terror" bilang tugon sa agresyon ng mga rebelde mula sa Gitnang Silangan at marahil, upang isalba na rin ang kadakilaan ng kaniyang imperyo mula sa mga imahen ng kamatayang natunghayan at pinagpiyestahan ng mga manonood sa iba't ibang panig ng daigdig.

Kasabay ng mas umigting na opensiba ng Estados Unidos sa mga lupain sa Gitnang Silangan upang ipaghiganti ang matinding bigwas ng kahihiyang dala ng trahedya ng 9/11 at ipagpatuloy na rin ang ganid na pag-angkin nito sa mga batis ng langis dito, sumidhi ang tensiyon sa disyerto nang maglunsad ng malawakang pagdakip ang mga sundalong Amerikano sa mga Arabong pinaghihinalaang kasapi diumano ng Al-Qaeda. Ipiniit ang ilan sa mga pinaghihinalaang "terorista" sa Abu Ghraib sa Baghdad at doon, hindi na dapat natin nalaman kung paano nilasap ng mga nakapiit ang poot ng isang mapaghiganting imperyo.

Ngunit may mata ang mga dingding ng kulungan. Dalawa, tatlong taon makalipas ang nakamamanhid na agos ng mga imahen mula sa bangungot ng 9/11, sumulpot sa internet ang mga larawan at video mula sa Abu Ghraib na nagpapakita ng mga tagpo ng tortyur at panggagahasa ng mga Amerikanong sundalo sa mga preso. Nakatakip ang mga mukha ng mga preso ngunit sila ay nakahubo't hubad, nakalantad ang mga katawang karaniwang naikukubli ng tradisyonal na dishdasha ngunit ngayo'y nalilimbagan na ng mga kagat ng makakamandag na ahas, mga mantsa ng ihi, mga paso ng ibinuhos na asido, mga hiwang iniwan ng ipinanggapos na lubid at kawad ng koryente, at namamarilong na pulo ng mga pasa. Sa tabi ng mga biktima, naka-pose ng peace sign ang mga Amerikanong sundalo, maluluwang ang mga nagmamalaking ngiti.

Malinaw ang mensaheng kumakawala sa panibagong ragasa ng mga imahen ng digmaan sa internet: online na ang War on Terror. Habang patuloy nga ang sagupaan ng mga Amerikano at mga Arabo sa mga disyerto ng Gitnang Silangan, naging panibagong larangan ng digma ang internet na ang mga imahen naman ang nagsisilbing armas-pandigma. Bilang tugon sa bigwas ng mga imaheng iniluwal ng mga karahasan sa piitan ng Abu Ghraib, dinukot ng mga rebeldeng Arabo ang ilang mga Amerikano at Europeo na namamalagi sa Gitnang Silangan. Noong 2004, kumalat sa internet ang mahigit limang minutong video na pinamagatang "Abu Musa'b al-Zarqawi slaughters an American." Kung ano ang laman ng video, iyon ang natunghayan namin sa www.ogrish.com.

## Pamimirata sa Karan/hasan

Tuwing binabalikan ko ang mga palabas sa telebisyon na tinangkilik ng henerasyon namin sa panahon ng aming kamusmusan—mula sa mga Japanese animé na naghahain ng mga kulay-kending tagpo ng madudugong sagupaan, sa mga teleseryeng laging may mga eksena ng barilan at tortyur sa mga arketipal na lokasyong warehouse o bodega, hanggang sa mga panggabing balita na walang habas magpakita ng mga hindi-mabilang na tagpo ng mga hostage-taking, shoot-outs at kahit ng mga presong binubugbog sa presinto ng kanilang mga biniktima—hindi maiwasang dumako sa isip ko na tila naihanda naman pala kami sa sigwa ng mga imaheng iniluwal ng 9/11. Kung pagbabatayan nga ang agos ng mga birtuwal na karahasang nalagok ng aming mga titig, kami nga marahil ang nararapat na tawaging henerasyon ng mga matitibay ang sikmura.

Kung naroon kayo at nakasalamuha namin sa unang linggo ng pagkilanlan namin ng mga kasambahay ko sa dormitoryong tinigilan ko sa unang taon ko sa kolehiyo, mapapansin ninyo ang madulas na paglipat ng mga usapan namin mula sa pagpapalitan ng mga palayaw, paglalahad ng mga kursong kinukuha, at pagbanggit sa mga lalawigang pinagmulan patungo sa iba't ibang imahen ng karahasan na napanood na namin sa telebisyon man o sa internet. Hindi iilan sa amin ang umaming nakapanood na ng iba't ibang video ng mga bihag na pinugutan ng ulo. Nalaman ko rin na halos pare-pareho kami ng naging karanasan sa pagtangkilik sa birtuwal na karahasan: palagiang umuusbong ito sa pag-uusisa, kalauna'y nagsisilbi itong ritwal ng pakikipagkapuwa sa barkadahang matitibay ang sikmura, at sa huli, nagiging tarangkahan ito papasok sa daigdig ng mga bagong karanasan na kailanman ay alam naming hindi namin tatangkaing subukin sa realidad na ginagalawan namin. Sino nga ba naman sa amin ang maglalakas-loob na pumatay o maski makasaksi man lamang sa isang totohanang pagpatay ng tao? Dahil nakapiit kami sa limitasyon ng realidad na kinaroroonan namin, nagkakasiya na lamang kami sa katumbas na realidad na inihahain sa amin sa loob ng birtuwal na daigdig.

Ngunit gaano katotoo ang birtuwal na realidad na binibisita namin?

Ilang buwan matapos nagsimula ang birtuwal na girian ng mga larawan at video ng Amerika at ng mga rebelde mula sa Gitnang Silangan, isang video ng pagpugot sa ulo ng isang Amerikanong nagngangalang Benjamin Vanderford ang mabilis na kumalat sa internet. Ipinasa-pasa ang video sa iba't ibang website at kagaya ng mga beheading video na nauna rito, tinangkilik ito ng napakaraming kasapi ng "Generation 9/11."

Habang tila pulutong ng mga langgam na nagpipista sa bundok ng asukal ang pagkakagulo ng media sa panibagong tagpo ng karahasang ito, binalot ng pagkagulantang ang birtuwal na daigdig nang lumitaw ang isang malusog at buhay na buhay na Vanderford upang magbigay ng pahayag tungkol sa bulag na pagtanggap ng media at ng publiko sa samot-saring imaheng iniluluwal ng internet. Sa pagkakataong iyon, marami marahil ang nagnais na mawalan na lamang sila ng ulo.

Nang napanood ko ang videong ito, aaminin kong maski ako ay napaniwalang totoong karahasan ang nasaksihan ko. Marahil ito naman ang nais ni Vanderford na ipaunawa sa publiko: na mayroong kagimbal-gimbal na kapangyarihan ang bagong teknolohiya na piratahin maging ang karanasan ng tao. Kung tutuusin nga, ang mismong pagkukulong ng kamatayan sa lente ng kamera ay maituturing bilang isang porma ng panggagaya, isang proseso ng paglikha ng isang kopya ng karanasan na tatangkilikin ng mga katulad naming hindi makalagpas sa dikta ng aming ginagalawang realidad, at sa gayon, ay hindi maaaring pumatay. Samakatwid, anumang pagtatangkang alisin ang karanasan mula sa espasyong tunay na kinaroroonan nito, anumang pagsasateksto, pagsasaimahen, o pagsasavideo nito ay isang porma ng pamimirata.

Kung gayon, may ikinaiba pa ba ang aktuwal na video na napanood namin sa www.ogrish.com sa video na nilikha ni Vanderford?

Sa tanong na ito, angkinin nating tugon ang sumusunod na tagpo noong sampung taong gulang pa lamang ako. Habang naglulunoy ako sa labas ng bahay namin, naulinigan ko mula sa sala ng bagong lipat naming kapitbahay ang malalakas na atungal ng mga babae at lalaki na sinusundan ng mapang-uyam na mga halakhakang sinasaliwan ng mga paghampas sa tambol. Tumuntong ako sa kadawagan ng halamanan sa harap ng bahay nila at mula roon, natuklasan kong ang mga ingay ay galing sa telebisyon nila, ipinapalabas ang sari-saring tagpo ng pagkatay ng isang tribu sa isang grupo ng mga dayuhan. Sa pagtunghay ko sa madugong ritwal na ito, naramdaman kong gumuhit sa balat ko ang magaspang na panaksak ng mga katutubong berdugo at nanlagkit ako sa malagripong pagsirit ng dugo mula sa katawan ng mga biktima.

Sa loob ng ilang taon, naniwala akong aktuwal na kuha ng pagpatay ang nasaksihan kong mga tagpo, hanggang sa nalaman kong ang mga iyon pala ay mga eksena lamang mula sa *Cannibal Holocaust*, ang pinakatanyag sa mga pelikula ng Cannibal Boom na nagsisulputan noong 1970s. Dahil sa

pseudo-dokumentaryo ang estruktura ng naratibo ng pelikula na ang mga tagpo ng pagkatay ay ipinaloob sa isang film reel na natagpuan diumano ng ilang mga tauhan sa isang ekspedisyon sa pampang ng Amazon, marami ang talagang nag-akalang ito ay isang tunay na snuff film. Umabot pa nga sa puntong kinailangan pang iharap sa hukuman ng direktor na si Ruggero Deodato ang mga aktor na gumanap na mga biktimang kinatay upang patunayang pagtatanghal lamang ang lahat. Dito ay luminaw sa akin na ang kapangyarihan ng mga piniratang realidad ay ang kakayahang patunayan na nalilinlang ang ating mga titig. Hindi nga ba't sa ngayon, basta't armado ng kamera, kaunting kaalaman sa paggawa ng special effects at mabilis na koneksiyon sa internet, kahit sino ay maaari nang maging isang Benjamin Vanderford o Ruggero Deodato?

## Inilalakong Pagtitig

Oo't tila hindi na nga susing usapin ang awtentisidad. Higit na mahalaga ngayon ang kapangyarihan ng karanasan, pinirata man o hindi, na tugunan ang pagkauhaw ng ating mga mata. Ngunit, saan nga ba nagmumula ang pagkauhaw na ito? Ano ang nagluluwal sa pangangailangang tumitig sa karahasan?

Marahil, halos lahat sa atin ay pamilyar sa ganitong mga tagpo—mga nakapiit na pagsilip mula sa bintana ng ating mga sasakyan upang matingnan ang pagpunit ng latigo sa hiwa-hiwang balat ng mga nagpuprusisyong Kristo tuwing Semana Santa, mga nakaw na sulyap sa mga katawang napipi sa salpukan ng mga sasakyan sa kahabaan ng ating mga lansangan, at mga walang-tinag na pagmamasid sa basagan ng mga mukha sa sulok-sulok ng mga eskinita, doon sa mga umpukang nakapaikot sa mga bote ng alak. Oo't kung pakalilimiin natin, lagi tayong may mga nahahagilap na paraan upang pumuslit ng titig sa iba't ibang tagpo ng karahasang matatagpuan sa ating realidad. Lagi tayong nakasisipat ng mga pagkakataong magpakalango sa mga pang-araw-araw na imahen ng mga pumupusitsit na dugo at mga nagtatalsikang piraso ng laman, kahit na ang mga pagkakataong iyon ay ipinupuslit lamang, ninanakaw natin mula sa mundong tinuruan tayong pandirihan ang anumang nababakasan ng kulay pula.

Kagimbal-gimbal mang pakinggan, doon sa birtuwal na espasyong nagkakanlong sa mga snuff film at sa mga piniratang karahasan, tuwirang napapalaya ang ating mga ipinupuslit na titig. Doon, hindi ipinagbabawal at bagkus inaanyayahan pa ang ating mga nag-uusisang paningin patungo sa

tarangkahan ng birtuwalidad, patungo sa mga imahen ng bangungot. Iyon ang daigdig ng mga bangungot na nakagigising—mga lagim na kumakawala sa ating pinakamararahas na panaginip upang hanguin tayo mula sa nakamamanhid na bitag ng kamatayang nagpipiit sa ating mga kamalayan at katawan.

Tayo nga raw ay nabubuhay sa isang mundong laganap ang kultura ng kamatayan. Batbat ito ng mga tagpo ng marahas na pagpaslang—mula sa mga tinudlang magsasakang biktima ng karahasang hinuhudyatan ng martsa ng mga kombatsyus sa mga palayan, sa mga obrerong ibinibilad ang bangkay sa harap ng pagawaang kanilang pinagsilbihan, sa mga walang-pangalang katawang nagkalat sa mga larangan ng digma at maililista na lamang bilang numero sa mga tala ng kasaysayan, hanggang sa mga walang kamalay-malay na mamamayang sinakmal ng krimen sa mga eskinita, hintayan ng dyipni o paradahan ng mga traysikel. Sa isang lipunang tigib ng mga kabaong na pinatungan ng mga sisiw na sumisiyap para sa paghahanap ng katarungan, ang kamatayan ay nagiging isang karaniwang tagpo na lamang. Minamanhid tayo sa pagsubaybay sa mga paulit-ulit na prusisyon patungo sa hukay, hanggang sa maniwala tayong ang isang buhay sa kasalukuyan ay katumbas na lamang ng isang katawang iniluluwal, pinalalaki, pinag-aaral, inilalako bilang lakas-paggawa, bilang produktong nadidikitan ng price tag, isang katawang madaling palitan sa sandali ng pagyao. Ito ang siklo ng pagpapaalipin, paghina ng katawan, pagreretiro, pagkamatay, paglimot—isang piitang kinalalagyan ng ating mga katawang inuuhaw ang pandama, ninanakawan ng kahulugan.

Mula sa loob ng ganitong kaayusan, umuusbong ang pangangailangan nating bawiin ang ating mga katawan, at gisingin ang ating mga pandamang minanhid ng dikta ng walang-hanggang pagpapaalipin, panghihina, pagkamatay. Ito ang pangangailangang tinutugunan ng ating pagtitig. Sa espasyo ng birtuwalidad, pansamantalang itinatakas at inihahatid tayo ng ating mga titig patungo sa mismong tagpo ng karahasan upang maramdaman natin sa loob ng ilang saglit ang lupit ng pagpaslang, upang magisnan natin ang mga karahasang nakalakip sa likod ng bawat kamatayan, upang magising ang ating sindak, takot, gulat, pandidiri.

Ngunit may kaakibat na panganib ang saglit na paglaya (o pagtakas) na ito.

Kaninang tanghali, habang binabarena ng Tatay ko ang aparador namin sa kusina, nagmamalaking binanggit ng walong taong gulang kong pinsan na

ang barenang iyon ay kamukha ng nakita nilang nakasubo sa isang lalaki sa isang video na napanood nila sa internet. Para sa mga matang napadako na sa mga sulok ng sukdulang karahasan, nagiging instrumento na ng panganib at dahas ang mga karaniwan at inosenteng bagay sa ating kapaligiran. Hindi nga ba't indikasyon ito na tila hinahanap na rin natin dito sa ating ginagalawang realidad ang mga karahasang naitampok sa atin sa mga limitadong sandaling inilagi natin sa daigdig ng birtuwalidad?

Ngunit ang bawat paghahanap, ang bawat paglagok ng uhaw na pagtitig ay may katumbas na halaga. Kagaya ng magkakahawig na pakete ng mga sabon at mga de-lata sa mga pamilihan o mga piniratang kopya ng pelikulang ipinuslit mula sa mga sinehan at ngayo'y nakahanay sa mga bangketa, nakalako na ang iba't ibang kopya ng mga piniratang karanasan, nakalatag upang tangkilikin ng madlang nais makaranas ng simuladong karahasan. Subukan ninyong silipin kung gaano karami ang mga kabataang nanonood ng mararahas na video sa mga internet café o di kaya'y sukatin ang haba ng pila sa mga sinehang nagpapalabas ng mga splatter film at torture porn, at mapapatunayan ninyo na masiglang negosyo ang pangangalakal ng mga piniratang karahasan.

Ito na nga marahil ang katumbas na halaga ng paglikha sa kamatayan bilang isang piniratang karanasan na maaaring kopyahin nang hindi-mabilang na ulit. Sa panahong inilalako na ang katawan ng tao, maging ang kaniyang mga idea, mga karanasan, at mga pangarap, hindi ba't hindi na nakapagtataka na ikinakalakal na rin maging ang pagpaslang sa kaniya?

## Pag-uwi mula sa Daigdig ng Birtuwalidad

Sa isang hapon ng paglalagi ko sa isang internet café sa labas ng unibersidad, nakita ko ang sarili kong tinitipa sa search toolbar ng Youtube ang salitang "Poso" upang hanapin ang videong iminungkahi ng isang kaibigan na panoorin ko. Pinindot ko ang thumbnail na pinamagatang "Poso: The Shame of Indonesia," at habang hinihintay kong makompleto ang usad-pagong na pagbubuffer ng video, nilandas ng mga mata ko ang mga nakapaskil na komento ng iba't ibang users na nakapanood na nito. Sa paghahabi ko ng tagni-tagning detalyeng nakalap ko mula sa mga ito, nalaman kong ang videong ito ay kuha pala ng ilang mga tagpo sa serye ng mga karahasan ng mga Muslim at Kristiyano sa isla ng Sulawesi sa Indonesia—mula sa mga eksena ng pamamaril at pambobomba hanggang sa pamumugot ng ulo ng mga bata.

Kagyat na dinaluhong ako ng ganitong gunam-gunam: kahit tangkain man nating tumakas patungo sa mundo ng birtuwalidad na pinipirata ang mga pagpaslang, lagi pa rin tayong uuwi sa lipunan at realidad na patuloy na nagkakanlong sa mga tunay na pagpapahirap at pagpaslang ng tao sa tao. At dito sa daigdig na ito na batbat ng di-mabilang na tagpo ng karahasan, kahibangan ang maging manhid.

Ipinasiya kong isara na ang webpage, ngunit hindi sinasadyang napindot ko ang 'PLAY' button sa ibaba ng video. Kasunod nito ay ginimbal ako ng malalakas na sigawang kumawala sa headset na suot ko. Sa matinding pagkagulat na sumalakay sa dibdib ko, napabulalas ako ng malutong na mura kasabay ng muntikan kong pagtumba kasama ng inuupuan kong monoblock.

Sa loob ng ilang sandali, namatay ang mga ingay sa loob ng computer shop. Napalingon sa akin ang halos lahat ng mga taong naroon. Sa unti-unting paggapang ng titig nila mula sa akin patungo sa monitor ng computer na inupahan ko, naramdaman ko ang daloy ng koryente mula sa mga sulyap ng pag-uusisa.